# EPEKTO NG MGA "TRAFFIC SCHEMES" SA MGA JEEPNEY DRAYBER NG PASAY CITY

ANNABELLE P. SUYAT
94 - 22884

MARCH 2001

# Epekto ng mga "Traffic Schemes" sa mga Jeepney Drayber ng Pasay City

An Undergraduate Thesis
Presented to the
College of Arts and Sciences
University of the Philippines- Manila

In Partial Fulfillment of the Requirements
For the Degree of Bachelor of Arts
In Development Studies

As Presented To
**Professor Edberto Villegas**

As Presented By
**Annabelle P. Suyat**
**94-22884**

MARCH 2001

## APPROVAL SHEET

March 2001

In partial fulfillment of the course requirement for the Degree of Bachelor of Arts in Development Studies, this thesis entitled, *Epekto ng mga "Traffic Schemes" sa mga Jeepney Drayber ng Pasay City*, has been prepared and submitted by Annabelle P. Suyat.

**Dr. Edberto Villegas**
***Thesis Adviser***

Accepted as a partial fulfillment of the course requirement for the degree of Bachelor of Arts in Development Studies.

**Dr. Benjamin Mangubat**
***Chairperson***
Department of Social Sciences
University of the Philippines-Manila

**Date:** ______________________

## *PASASALAMAT*

Nais kong pasalamatan ang ang mga taong tumulong at nagsilbing inspirasyon para matapos ang tesis na ito.

Sa aking butihing propesor na si Dr. Edberto Villegas, para sa kanyang pang-unawa, tiyaga, sa mga payo at panahong iniukol niya upang maisakatuparan ang tesis na ito.

Sa lahat ng mga taong tumulong sa pagkalap ng mga datos na kinailangan upang mabuo ang tesis na ito.

Sa mga matatalik kong kaibigan, Jan, Let at Jolyn, sa mga pangungulit at suportang ibinigay nila.

Sa mga kapatid ko, para sa walang sawang pagpupuno sa mga kakulangan ko.

Sa mga magulang ko, na hindi tumitigil sa paggabay sa akin tungo sa magandang buhay.

Sa aking pinakamatalik na kaibigan at pinakamamahal na si Noel, na patuloy na nagmamahal sa akin at nagbibigay ng inspirasyon at suporta sa lahat ng aking hinahangad.

At sa Panginoon, dahil Siya ang nagbibigay lakas sa akin upang malampasan ang anumang pagsubok na dumarating, at higit sa lahat, para sa buhay na ipinahiram Niya sa akin.

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


| | *PAHINA* |
|---|---|
| *PASASALAMAT* | |
| KABANATA I | 1 |
| KABANATA II: Pinagmulan ng Pag - aaral | 9 |
| KABANATA III: Presentasyon at Analisis ng Datos | 12 |
| KABANATA IV: Konklusyon at Rekomendasyon | 18 |
| BIBLIYOGRAPIYA | |
| APPENDICES | |

# BUOD NG TESIS

Epekto ng Mga "Traffic Schemes" sa mga Jeepney Drayber ng Pasay City. Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa kalagayan ng mga dyipni drayber matapos magpatupad ng mga tinatawag na "traffic schemes". Ang epekto sa kabuhayan nila at sa lugar na napag-aralan ang pangunahing paksa ng tesis na ito. Nailarawan din dito ang mga "traffic schemes", kung paano ito ipinapatupad ng mga mambabatas at ang mga lugar na apektado nito.

Ang tesis na ito ay naglalayon na makatulong sa mga tao at institusyong apektado at sa huli ay ang magkaroon ng pagbabago sa lipunan upang magdulot ng kabutihan sa nakararami.

# KABANATA I

## A. PAGLALAHAD NG PROBLEMA

Sa buong Metro Manila, iisa lamang ang problemang kinakaharap ng mga drayber at pasaherong pampubliko: iyon ay ang sobrang trapik. Hindi na bago sa ating pandinig ang salitang "trapik". Kahit siguro isang batang limang taong-gulang ang tanungin ay alam na ang ibig sabihin ng salitang ito, dahilan sa kanya na itong nararanasan sa murang edad niyang iyon. Pero may isang kabutihang idinudulot ang trapik, huwag lamang papasukan ng anumang impluwensiya. Base sa aking obserbasyon, ang trapik na gawa ng tao ay walang kinikilingan. Sa trapik, ang lahat ay pantay-pantay, maging mayaman o mahirap ay hindi nito sinisino. Lahat ay nakararanas nito. Ngunit para sa mga drayber ng pampublikong sasakyan isa itong napakalaking dagok, partikular sa mga "jeepney driver".

Kaugnay nito, bilang solusyon sa may katagalan nang problema sa trapik, isa-isang naglabasan ang iba't-ibang klase ng "traffic schemes". Nasubukan na ang "odd-even" ni dating Executive Secretary Oscar Orbos, ang "color coding" ni Chief Superintendent Romeo Maganto at ang huli ay ang "unified traffic scheme" kung saan ipinagsama ang dalawang nabanggit na sistema ni Chief Superintendent Romeo Maganto pa rin. Kasama rin sa mga tinatawag na "traffic scheme" ang gawing "one-

way" ang dating "two-way" na "national highway" o kaya ay kabaligtaran, gawing "two-way" ang dating "one-way" na daan. Ang pagkakaroon ng "service road" sa isang residensyal na lugar upang maibsan ang trapik sa ibang daan. Ganitong-ganito ang nangyari sa isang lugar sa Pasay City. Upang bigyang solusyon ang trapik sa lugar na ito, ilang daan ang binuksan at isinara para maging "decongested" ang mga kalyeng ito. Nagsimula sa isang eksperimentong nauwi sa pangmatagalang implementasyon. Dati-rati tuwing buwan lamang ng Disyembre ipinatutupad ang sistemang ito dahil sa nagaganap na pagsisikip ng ilang mga daan sa palibot ng "airport". Hanggang sa naging tuluy-tuloy na ang implementasyon nito. Sa kasalukuyan, ipinatutupad ang pagiging "one-way" ng Airport Road sa loob ng beinte-kuatro oras, ang Domestic Road mula alas-singko ng umaga hanggang alas-singko ng hapon, at Quirino Avenue sa loob ng beinte-kuatro oras din. Nakatulong nga bang talaga ang ganitong sistema sa paglutas ng problema sa trapik o nakadagdag lamang sa problema ng mga drayber partikular sa mga drayber ng pampaseherong dyipni (biyaheng Nichols-CAA-Baclaran ang tinutukoy dito)? Ano kaya ang masasabi ng mga drayber ukol dito?

## B. DEPINISYON NG MGA KONSEPTO

*Traffic Scheme* - mga "batas trapiko" na ipinatutupad upang maibsan ang pagsisikip sa isang lugar. Sa umpisa ay isa lamang eksperimento hanggang sa maging tuluy-tuloy ang

implementasyon kung ito ay maging epektibo sa tingin ng mga mambabatas.

| | | |
|---|---|---|
| *Boundary* | - | kaukulang halaga ng pera na ibinibigay sa "operator" bilang kapalit ng paglalabas o pagpapasada ng dyip nang buong araw. Kadalasang nagkakahalaga ng P400.00 kada araw (average). |
| *Operator* | - | ang nagmamay-ari ng pampasaherong dyip na ipinalalabas o ipinapapasada sa iba at bilang kapalit ay tumatanggap siya ng "boundary". |
| *Driver* | - | ang taong naglalabas ng pampasaherong dyip na nagbibigay ng "boundary". Hindi siya ang nagmamay-ari ng sasakyang minamaneho niya. |
| *Operator-Driver* | - | ang may-ari at naglalabas ng pampasaherong dyip na paminsan ay ipinalalabas din niya sa ibang tao. |
| *AJODA* | - | Airmen's Jeepney Operators-Drivers Association. Ang bagong pangalan ng asosasyon ng mga drayber at "operator" ng biyaheng Nichols-CAA Baclaran. |

## C. TEORETIKAL NA PANANAW

Ang "Positivitist" Framework" ay maaring gamitin sa parte ng pag-aaral kung saan ang pagkalap ng impormasyon ukol sa paksa ay isinasagawa. "Positivism" din ang ginagamit na "approach" para sa pagpapaliwanag ng mga impormasyon at datos na nakuha.

Magagamit din ang "Historical Materialist Framework" sa bahagi ng pananaliksik kung saan ang opinyon ng bawat tao na nabibilang sa iba't ibang antas sa lipunan ay hinihingi. Isa ring dahilan ay ang paglalayon ng pag-aaral na ito na magkaroon ng pagbabago sa lipunan.

## D. MGA PAMAMARAAN

*Data Gathering* - ang pangunahing paraan ng pananaliksik na isinasagawa. Kabilang rito ang "library research" na gagawin sa iba't-ibang ahensya at organisasyon na may kaugnayan sa paksa. Ang mga nakuhang impormasyon ay bilang suporta at patunay sa gagawing pag-aaral.

*Questionnaires* - Magkakaroon ng kabuuang 300 "respondents" na kinabibilangan ng mga drayber at "driver-operator" para malaman ang kanilang mga opinyon ukol sa paksa.

*Unstructured Interview* - para sa mga taong nasa likod ng mga "traffic schemes" na ipinatutupad upang makakuha ng impormasyon ukol sa paksa.

*Purposive Sampling* - Ang mananaliksik ay pipili ng isang lugar na sa tingin niya ay magiging "representative" ng kabuuan. Sa pagkakataong ito, ang terminal ng dyip ang napili para mamigay ng mga "questionnaires".

## E. HIPOTESISMO

Ang pag-aaral na ito ay nagsasaad ng ang kasalukuyang "traffic scheme" na ipinatutupad na sa kasong ito ay nagdulot ng pag-iiba ng ruta ng biyahe ng Nichols-CAA-Baclaran, ay hindi nakabuti sa kalagayan ng mga drayber ng pampasaherong dyip sa Pasay City.

## F. REBYU NG LITERATURA

***"The Sta. Ana Transport Service Cooperative, Incorporated: A Case Study"***

***by Maria Carmen M. Alicio (1992)***

Nasasaad sa "undergraduate thesis" na ito ang tungkol sa relasyon ng "jeepney operators" at "jeepney drivers". Naging sentro ng kanyang pag-aaral ang kooperatiba na itinayo ng mga "operators" at drayber sa naturang lugar. Mas malalim nga lang ang kanyang naging pag-aaral dahil isinentro niya ito sa mga problema ng drayber at hindi ng kanyang kapaligiran.

***"Another Traffic Experiment" by Ricky S. Torre***

***Philippine Free Press (November 11, 1995)***

Base sa artikulong ito, ang isang sanhi ng trapik, ayon kay Chief Superintendent Romeo Maganto ay ang kawalan ng disiplina sa kalye ng mga drayber.

***"The Best Laid Plans... Of Traffic Managers, that is, are only a good as experience and experiment will allow" by J. de Jesus.***

***Philippine Free Press (August 27, 1994)***

Nabanggit sa artikulo na isang sanhi ng trapik ang sobrang dami ng bilang ng mga sasakyan, pampubliko at pribado, kung kaya nagkakaroon ng pagsisikip sa

daan. Ayon din sa artikulo, ang isang taxi driver, dahil sa trapik na kanyang nakakaharap sa araw-araw na pagbibiyahe niya, mag-uuwi siya ng kakarampot na kita o kung minsan ay kulang pang panggastos sa isang araw.

***"An Investigation of the Current Transportation Crisis in Manila"***

***by Roberto P. Sarile (1990)***

Isang "undergraduate thesis" ukol sa sitwasyon ng transportasyon sa Manila. Tinatalakay rin niya ang tungkol sa mga problema ng transportasyon. Ang pangangailangan ng isang epektibong "mass transport system" upang magsilbing solusyon sa pagdami ng mga pasahero.

## G. SAKLAW AT LIMITASYON NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa epekto ng mga ipinatutupad na "traffic scheme" sa kalagayan ng mga drayber ng pampasaherong dyip pati na rin ang operator nito.

Dahilan sa pagkakaroon ng limitasyon sa oras at pang-pinansyal na aspeto, magiging 300 lamang ang kabuuang "respondents" at ilang piling "representatives" o "interviewees".

Ang pag-aaral na ito ay bago lamang kaya limitado ang mga librong nagtatalakay ukol dito. Karamihan ay puro artikulong galing sa mga magasin at peryodiko ang mapagkukunan ng mga impormasyon ukol sa paksa.

## H. KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay nagtatalakay ng ilang sanhi ng trapik sa Metro Manila pati na rin ang ilang mga "traffic schemes" na ipinatutupad sa kasalukuyan upang mabigyang-solusyon ang problema sa trapik.

Maipapakita rin sa pag-aaral ang tungkol sa epekto ng "traffic schemes" na ipinatutupad, sa kalagayan ng mga "operators" at drayber ng pampasaherong dyip.

Ang mga impormasyong nakuha at opinyon ng bawat isa ay magsisilbing suhestiyon sa mas magandang sistema at pagbabago sa lipunan partikular sa lugar na napag-aaralan.

Para sa mga kinauukulan, sana ay isipin naman nila ang kalagayan ng mga taong apektado bago ang lahat. Tumingin sana sila sa mas malaking perspektibo upang nang sa gayon ay maging maganda ang kalabasan ng lahat.

# KABANATA II: PINAGMULAN NG PAG - AARAL

Dati-rati, ang tao'y naglalakbay sa pamamagitan lamang ng kanyang mga paa o di kaya'y sa pagsakay sa mga hayop. Ngayon, kasabay ng papaunlad na teknolohiya, komersiyo at industriya, ang paglalakbay ay dapat maging mabilis at maayos. Walang oras na dapat masayang. Sapagkat ang pagkahuli ng isang araw ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng isang mahalagang kontrata o transaksiyon.

Sa pagkaka-imbento ng mga sasakyan, naging madali ang paglalakbay para sa tao. Nakapupunta na ang tao sa iba't-ibang lugar anumang oras na gustuhin niya. Kasabay nito, ang simula ng pampublikong transportasyon.

Dito sa ating bansa, ang pinakapopular na pampublikong sasakyan ay ang jeepney kasama ng mga bus at tren. Halos lahat ng Pilipino ay umaasa sa ganitong mga klase ng sasakyan para sa pang-araw-araw na gawain nila.

Walang duda na napakahalaga ng papel na ginagampanan ng sistema ng pampublikong transportasyon na kapag nagwelga kahit kalahati lamang ang mga drayber (ng mga sasakyang pampubliko) ay nagkakaroon agad ng malaking epekto sa ekonomiya ng bansa.

Sa mga nabanggit na sasakyang pampubliko, ang jeepney ang kumakatawan sa halos singkuwenta porsiyento ng kabuuang sistema ng pampublikong transportasyon. Kaugnay nito, napakarami ng problemang kinakaharap ng mga dyipni drayber katulad halimbawa ng mataas na presyo ng langis at piyesa. At ang pinakamalalang problema at nangunguna sa listahan na kinakaharap ng mga drayber ngayon, maging pampubliko man o pribado, ay ang trapik.

Bilang tugon sa problema sa trapik, nagpalabas ang gobyerno, sa pamamagitan ng ilang sangay nito at ng lokal na pamahalaan, ng tinatawag na mga "traffic schemes". Naglabasan ang iba't-ibang klase nito na nagsimula sa "odd-even scheme" na pinamunuan ni dating Executive Secretary Oscar Orbos. Ang "odd-even" ay nangangahulugan na ang mga sasakyang may plakang nagtatapos sa numerong 1,3,5,7,9, o ang tinatawag na "odd numbers" ay ipinagbabawal sa araw ng Lunes, Miyerkules at Biyernes. Samantalang ang 0,2,4,6,8, o "even numbers" ay bawal lumabas sa araw ng Martes, Huwebes at Sabado.

Nasubukan din ang "color-coding scheme" ni dating Chief Superintendent Romeo Maganto at "unified traffic scheme" na kombinasyon ng "odd-even" at "color-coding".

Sa pagkakataong ito, isang lugar sa Pasay City ang napag-aralan ukol sa mga ipinatupad at ipinatutupad na "traffic schemes". Ang sobrang pagiging "congested" ng lugar ang nagsilbing dahilan upang magpatupad ng iba't-ibang batas trapiko o

"traffic schemes". Kinailangang baguhin ang mga direksiyon ng ilang kalye upang maibsan ang pagiging barado ng ilang kalsada. Mula sa pagiging "two-way" ng Airport Road, ito ay naging "one-way" na lang papuntang Roxas Boulevard (Appendix E). Ang Domestic Road ay nagiging "one-way northbound" (Appendix D) mula alas-singko ng umaga hanggang alas-singko ng hapon at bumabalik sa pagiging "two-way" mula alas-singko ng hapon hanggang 4:59 ng umaga.

Bunga ng mga pagbabagong ito, ay nag-iba rin ang ruta ng mga dyip na may biyaheng Nichols-CAA-Baclaran. Sa halip na diretso lang ang biyahe mula Nichols hanggang Baclaran (Appendix C) at pagkatapos ay iikot na lamang sila at balik na naman ng Nichols, kinakailangan nilang pumasok sa Electrical Road tapos sa Domestic Road bago sila makadiretso ng Andrews Ave. na patungo ng Nichols (Appendix D).

Ang isa pang ruta ay ang lumiko ng Quirino Avenue tapos sa NAIA Road, kakaliwa ng Domestic Road bago kakanan ng Andrews Ave. saka didiretso patungong Nichols.

Sadyang naging napakalaki ng epekto ng mga ipinatupad ng "traffic schemes" sa mga drayber ng dyip sa lugar na pinag-usapan. Bukod sa karagdagang gastos sa krudo, humaba pa ang ruta ng biyahe nila.

# KABANATA III: PRESENTASYON AT ANALISIS NG DATOS

*Table 1*

| | Total | % |
|---|---|---|
| Lalaki | 300 | 100 |
| Babae | 0 | 0 |
| <u>Edad</u> | | |
| 20 anyos pababa | 12 | 4 |
| 21 – 30 | 59 | 20 |
| 31 – 40 | 64 | 21 |
| 41 – 50 | 126 | 42 |
| 51 pataas | 39 | 13 |
| <u>Estado</u> | | |
| Walang asawa | 23 | 8 |
| Kasal | 208 | 69 |
| Di kasal / may kinakasama | 34 | 11 |
| Hiwalay | 26 | 9 |
| Biyudo | 9 | 3 |
| <u>Bilang ng anak</u> | | |
| Sanggol pa | 182 | 27 |
| Nasa kinder | 131 | 19 |
| Nasa elementary | 175 | 26 |
| Nasa hayskul | 87 | 13 |
| Nasa kolehiyo | 31 | 4 |
| May trabaho | 72 | 11 |

Pinakamataas na naabot sa pag-aaral

| | | |
|---|---|---|
| Walang sagot | 12 | 4 |
| Grade 6 | 21 | 7 |
| 2nd yr high school | 64 | 21 |
| 3rd yr high school | 83 | 28 |
| 4th yr high school | 44 | 15 |
| High school graduate | 53 | 18 |
| 1ST yr college | 9 | 3 |
| 2nd yr college | 1 | .3 |
| Vocational | 10 | 3 |
| 3rd yr college | 1 | .3 |
| 4th yr college | 2 | .6 |

Lahat ng mga "respondents" ay puro kalalakihan. Kung pag-uusapan ang edad ng mga sumagot sa questionnaires, 42% ay nasa pagitan ng 41–50 anyos, 21% ay 31–40 anyos, 20% ay kasama sa grupo ng 21–30 anyos, 13% ay nasa grupo ng 51 anyos pataas at ang natitirang 4% ay may edad 20 pababa.

Karamihan sa mga sumagot ay kasal, 69% ng kabuuan. 11% ang di-kasal pero may kinakasama. Samantalang 9% ang hiwalay sa asawa at 9 na katao and biyudo. 8% lamang ng kabuuan ang wala pang asawa.

Lahat-lahat, umabot sa 678 ang suma-total ng bilang ng anak. 27% o 182 ay mga sanggol pa. Samantala, 26 porsiyento ay nasa elementarya, 19% ay nasa kinder, 87 naman ay nasa hayskul na. 5% lamang ang nasa kolehiyo at ang natitirang 11% ay may trabaho.

Tungkol sa edukasyon ng mga "respondents" mapapansing napakaliit na porsiyento lang ang nakaabot ng kolehiyo. 3% ang nakatapos ng vocational, 3% din ang umabot sa 1st yr high school, 2 "respondents" lamang ang nakatuntong sa 4th yr college at tig-isa naman ang umabot na sa 2nd yr at 3rd yr college. Umabot naman ang nakatapos ng hayskul, sa bilang ng 53 0 18% ng kabuuan. 7% ay Grade 6 ang huling napasukan, samantalang 4% ang walang sagot. Nakararami sa bilang na 191 ang nakapag-hayskul.

*Table 2*

| | Total | % |
|---|---|---|
| <u>Bilang ng taon sa pamamasada</u> | | |
| 5 taon pababa | 27 | 9 |
| 6 – 10 taon | 34 | 11 |
| 11 – 20 taon | 102 | 34 |
| mahigit 20 taon | 137 | 46 |
| <u>Bilang ng oras sa pamamasada</u> | | |
| 12 – 16 oras (whole day) | 246 | 82 |
| 6 – 10 oras (half day) | 54 | 18 |
| <u>Ilang beses sa isang linggo</u> | | |
| Araw-araw | 153 | 51 |
| 5 beses | 117 | 39 |
| 3 – 4 beses | 18 | 6 |
| 1 – 2 beses | 12 | 4 |

| | | |
|---|---|---|
| <u>Pagmamay-ari ng sasakyan</u> | | |
| Sariling sasakyan | 4 | 1 |
| Hindi sarili | 296 | 99 |
| <u>Boundary</u> | | |
| P300 – P350 | 75 | 25 |
| P400 – P450 | 126 | 42 |
| P500 | 99 | 33 |
| <u>Sapat ang kita</u> | | |
| Oo | 33 | 11 |
| Hindi | 251 | 84 |
| Di pare-pareho | 16 | 5 |
| <u>Ibang pagkakakitaan</u> | | |
| Meron | 16 | 5 |
| Wala | 284 | 95 |

Halos kalahati ng kabuuan (46%) ay mahigit nang 20 taong namamasada ng dyip. 34% ay nasa 11–20 taon nang nagmamaneho, 11% naman ay mahigit 6 hanggang 10 taon pa lang at ang natitirang 9 na porsiyento ay di hihigit sa 5 taon. Karamihan sa mga drayber ay buong araw kung mamasada. 18% lamang ang "half day" kung magbiyahe.

Dahil sa pamamasada sila kumukuha ng pang-araw-araw na gastusin, di bababa sa 5 beses sa isang linggo kung magbiyahe ang karamihan (90%) sa "respondents".

99% kasi sa mga ito ay hindi sarili ang sasakyang minamaneho. Hangga't kayang kumayod ay sige lang.

Ang "boundary ay ibinabase sa haba o kapasidad ng dyip. Halimbawa, kung waluhan ang sasakyang minamaneho mo, ang boundary ay di bababa sa P500 para sa buong araw na pamamasada; at kung maikli naman ang dyip o halimbawa'y animan, hindi bababa sa P350 ang magiging boundary mo para sa buong araw. Samakatuwid, iba-iba ang presyo ng boundary para sa iba-ibang haba o kapasidad ng dyip.

84% ng mga sumagot ang nagsabing hindi sapat ang kanilang kinikita para sa pang-araw-araw na gastusin. 11% naman ang nagsabing sapat na at ang natitirang 5% ay nagsasabing di pare-pareho, kung minsan ay sapat, kung minsan kulang.

95% ang sumagot na wala silang ibang pinagkakakitaan kundi ang pamamasada at 16 na drayber lamang ang may tinatawag sa "sideline".

*Table 3*

| | Total | % |
|---|---|---|
| Nakaranas ng pabagu-bagong "traffic schemes" | | |
| Oo | 300 | 100 |
| Hindi | 0 | 0 |

| | | |
|---|---|---|
| Nakatulong ito | | |
| Oo | 9 | 3 |
| Hindi | 291 | 97 |
| | | |
| Oo, nakatulong | | |
| Dumami ang pasahero | 9 | 100 |
| Nawala ang trapik | 1 | 11 |
| Nabawasan ang trapik | 8 | 89 |
| | | |
| Hindi nakatulong | | |
| Nabawasan ang pasahero | 101 | 35 |
| Lalong naging trapik | 68 | 23 |
| Humaba ang biyahe | 122 | 42 |

Lahat ng "respondents" (100%) ay nakaranas na ng pabagu-bagong "traffic schemes" na ipinatupad sa lugar na napag-aralan (Pasay City). At karamihan (97%) ay nagsabing hindi ito nakatulong bagkus ay lalo silang nahirapan dahilan sa nabawasan ang pasahero na nangangahulugan ng bawas sa dati nang maliit na kita; lumubha ang trapik at humaba pa ang ruta ng biyahe nila. Napakaliit naman sa 3 porsiyento o 9 na drayber ang nagsabing nakatulong ang ganitong mga "traffic schemes" sa kanilang hanapbuhay.

# KABANATA IV: KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang NAIA Complex at ang mga lugar na nakapalibot dito ay isa sa pinaka-abalang kalye na dinaraanan ng mga sasakyang nanggagaling sa NAIA Airport, Domestic Airport at iba pang motoristang galing sa iba't ibang subdibisyon sa Pasay at Paranaque. Kasama na sa mga motoristang tinutukoy dito ang mga drayber ng dyip na may biyaheng Nichols-CAA-Baclaran.

Ang "traffic congestion" o pagsisikip ng mga daan ay karaniwang dulot ng kawalan ng disiplina ng mga drayber na patuloy ang paglabag sa batas trapiko para sa kanilang mga sariling interes. Bilang solusyon sa nasabing sitwasyon, nagpalabas ng iba't–ibang "traffic schemes" ang lokal na pamahalaan ng Lungsod ng Pasay. Ngunit dahil na rin sa mga "traffic schemes" na ito, nagkaroon ng malaking epekto sa mga dyipni drayber ng Nichols-CAA-Baclaran at ito ay ang pagbabago ng ruta ng biyahe nila.

Ang pag-aaral na ito ay nagpapahayag na ang "traffic schemes" na ipinatupad sa Pasay City ay hindi nakabuti sa kalagayan ng mga drayber ng Nichols-CAA-Baclaran. Bagkus ay nagpatindi pa sa mahirap na ngang kalagayan ng mga drayber. Gawa ng pagbabago sa ruta dulot ng "traffic scheme" na ipinatupad, ang mga

pasaherong dati'y sumasakay o sakop ng biyahe nila (Nichols) ay lumipat sa ibang biyahe dahilan upang mabawasan ang kakarampot na ngang kinikita ng mga drayber.

Ang "traffic congestion" sa naturang lugar ay lalong lumubha dahil bukod sa mga pampasaherong dyipni, dinaraanan din ang Electrical Road ng mga pribadong sasakyan na papunta ng NAIA at Domestic Airport.

Pangatlo, ang dating diretsong biyahe mula Nichols hanggang Baclaran ay humaba. Kinailangan nilang umikot sa Electrical Road at Domestic Road (Appendix D) sanhi ng ipinatupad na "traffic scheme".

*Rekomendasyon*

Hindi pa man natatapos ang pag-aaral na ito, ay nagkaroon na naman ng pagbabago sa ruta upang magbigay daan sa proyektong isinasagawa ng isang sangay ng pamahalaan partikular ang Departamento ng Turismo na pinangungunahan ni Kalihim Richard Gordon. Ipinasara niya ang Electrical Road gawa ng isasagawang mga paglilinis ng ilog at buong kalye. Sa kasalukuyan ay nahahati ang biyahe ng Nichols-CAA-Baclaran; isang biyaheng "diretso" na ang ibig sabihin ay sumasalubong sa "one-way" na daan ng Airport Road (Appendix D) at 'yung isa ay magmula Electrical Road (terminal) hanggang bago lumabas ng Domestic Road (dahil isinara ang daan na pakaliwa dito) pagkatapos ay magmamani-obra pabalik sa terminal sa kanto ng Electrical Road at Airport Road.

Sa mga kinauukulan, sana magkaroon ng konsultasyon o pag-uusap sa pagitan ng mga ahensya ng pamahalaan at asosasyon o grupo ng mga drayber ng dyip (ang apektadong panig) upang talakayin ang mga magiging bunga ng bawat "traffic scheme" na ipatutupad. Alamin ang kalagayan ng bawat panig na apektado bago pa man isagawa ang implementasyon. Sa ganitong paraan, maisasaayos ang lahat nang walang masasagasaan o madedehado.

Para pa rin sa mga ahensya ng pamahalaan na responsable sa ganitong sitwasyon partikular ang lokal na pamahalaan na Lungsod ng Pasay, magkaroon sana ng malawakang "information drive" bago isakatuparan ang isang "traffic scheme" o alinmang ordinansa o batas. Ito ay upang maintindihan at mapaghandaan ang anumang problemang darating kasabay ng mga ipinatutupad na batas.

Sa mga "jeepney drivers", makipagtulungan sa pamahalaan sa pamamagitan ng pagsunod sa batas trapiko, upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagsisikip ng daan. Maging responsable sa pagmamaneho lalu pa't ito rin naman ang pinagkukunan ng panggastos sa pang-araw-araw ng bawat isang drayber.

# BIBLIYOGRAPIYA


Alicio, M. C. M., The Sta. Ana Transport Service Cooperative, Incorporated: A Case Study, An Undergraduate Thesis, 1992.

Alix, R. I. & Aquino, N. M., Proposed Traffic Improvement Plan at NAIA Complex and its Immediate Vicinity, 1996.

De Jesus, J., The Best Laid Plans...of Traffic Managers, that is, are only as good as experience and experiment will allow ", **Philippine Free Press.** August 1994, Vol. 85. No. 34, P. 14.

**IBON Facts & Figures.**
IBON Publishing House, March 1985.

Jeepney Drivers' Foundation, Incorporated (JDFI). Profile Study on Philippine Jeepney Drivers. 1983.

Project Green and Go (NAIA Traffic Improvement Plan) pamphlet. 1994.


Project Green and Go Road Maps.1994.

Torre, R. S., Another Traffic Experiment, **Philippine Free Press,** November 1995, Vol. 87, No. 45, P. 7.

# APPENDICES

# APPENDIX A

# PROJECT GREEN AND GO
## (NAIA TRAFFIC IMPROVEMENT PLAN )
## From 10:00 a.m. to 10:00 p.m.
## Starting October 1, 1994




## ROUTE SCHEME

1. Domestic Road shall be ONE WAY SOUTHBOUND from 10:00 a.m. to 10:00 p.m.

2. Domestic Road shall be TWO WAY from 10:01 p.m. to 9:59 a.m.

3. ~~LEFT TURN from inside Domestic Terminals 1 & 2 will not be allowed from 6:00 a.m. to 9:59 a.m.~~ DELETED


4. Quirino Ave. will be ONE WAY NORTH-BOUND between Airport Road and Redemptorist Road with the remaining section retaining the TWO WAY SYSTEM.

5. All existing traffic flow not affected by this plan shall be maintained.


This is a GREEN AND GO Project of:

Peoples' Economic Council
Philippine National Police
City of Pasay
Municipality of Parañaque
Ninoy Aquino International Airport Authority
Cabinet Officer for Regional Development


# APPENDIX B


LEGEND
VEHICLES THAT WILL PASS THRU DOMESTIC RD. BOUND TO DOMESTIC AIRPORT, NAIA, MIA RD. (ONE WAY SOUTH BOUND) 10:00 A.M. – 10:00 P.M.
VEHICLES COMING FROM QUIRINO AND MIA RDS. BOUND TO WESTERN AND NORTHERN PART OF METRO MLA. (ONE WAY NORTHBOUND) FROM AIRPORT RD.-REDEMPTORIST)
REGULAR TRAFFIC FLOW
NAIA
MIA ROAD
TO CAVITE
Airlink Int'l. Aviation School
ALONG DOMESTIC RD. FROM AIRPORT RD. TO MIA RD. ONE-WAY SOUTHBOUND FROM 10:00 A.M. - 10:00 P.M.
DOMESTIC AIRPORT
DOMESTIC ROAD
ELECTRICAL ROAD
Parking Area
- 1109 -
QUIRINO AVE.
SERVICE ROAD
ROXAS BLVD.
AIRPORT ROAD
ANDREWS AVENUE
ALONG QUIRINO FROM AIRPORT RD. TO REDEMPTORIST ONE WAY (NORTH BOUND)
Proposed access road to LRT depot from Airport road
REDEMPTORIST
TRAMO
LRT DEPOT
F. B. HARRIZON
TAFT AVE.
TO CUBAO
EDSA
EDSA EXT.
FLYOVER

# APPENDIX C



N
DUTY FREE SHOP
TRAFFIC REROUTING SCHEME
FOR DOMESTIC AIRPORT AND NAIA
NAIA
NAIA AVENUE
MIA ROAD
NAYONG PILIPINO
TERMINAL 2
DOMESTIC RD.
ELECTRICAL
NICHOLS
LRT DEPOT
G.G.CRUZ
TO COASTAL ROAD

# APPENDIX D



MANILA BAY
ROXAS BLVD.
SERVICE ROAD
SERVICE ROAD
T. CLAUDIO
AIRPORT ROAD
REDEMPTORIST
EDSA EXT.
F B HARRISON
PRES. QUIRINO
TO BE CLOSED FOR WIDENING OF THE
MIA ROAD
TAFT AVE.
ELECTRICAL ROAD
DOMESTIC
EDSA
MLA. DOMESTIC AIRPORT
TERMINAL 2
LRT TERMINAL
CHAPEL RD.
TRAMO
ANDREWS
TO CUBAO
NAIA
PHIL. VILLAG HOTEL

# APPENDIX E


N
NAIA
PHIL. VILLAGE HOTEL
NAYONG PILIPINO
ANDREWS AVE
TRAMO
EDSA
LRT DEPOT
DOMESTIC AIRPORT
MIA ROAD
NAIA ROAD
DOMESTIC ROAD
ELECTRICAL
AIRPORT RD.
QUIRINO AVE.
CLOSE DUE TO WIDENING OF ROAD
TAFT AVE.
